HULYO 2023, ISYU 7

# ALTA CONNECTIONS

Ang Quarterly Client, Tagapagkaloob ng Serbisyo, at Diyaryo ng Bagong Tauhan



Higit pa tungkol sa **tampok na alagad ng sining na si Lindsey Watkins** pg. 10

## MENSAHE NG EHEKUTIBONG DIREKTOR

*Ehekutibong Direktor Lori Banales*

Tinatanggap ng Pagsasama at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang mga oportunidad sa pakikilahok sa mga aktibidad base sa komunidad na sumusuporta sa edukasyon, pag-unlad ng mapagkukunan at access sa serbisyo. Ang pakikilahok sa mga kasosyo sa komunidad na makibahagi sa impormasyon tungkol sa aming sistema sa serbisyo ay bumubuo at nagpapalakas sa ating relasyon sa ating mga kasosyo na nagdadagdag ng mga oportunidad at mga koneskyon sa mga indibidwal na ating pinagsisilbihan, pati na rin ang mga sumasali sa ating sentrong panrehiyon sa hinaharap. Ang pag-alok ng mga serbisyo ay kritikal sa pagsuporta sa ating mga Pangitain at Misyon ng ahensiya.

Pinapangatawanan din ng Pagsasama at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang Focus Area 4 sa ACRC 2022-2025 Estratehikong Plano. Ang ACRC ay nasa komunidad at nakikilahok sa apatnapu't anim na kaganapan ngpag-alok ng mga serbisyo mula Enero ng taon na ito, na may karagdagang tatlongpu't anim na nakaraan na buwan. Ang ilan sa mga lugar na aming napuntahan ay kinabibilangan ng: Sacramento County Social Services, Serbsiyo sa NorCal para sa mga Bingi at Hirap sa Pagdinig, El Dorado County Sheriff Department, Placer at Sacramento County IHSS, Lungsod ng Davis Adaptive Recreation and Inclusion, Setting the Stage for Inclusion sa Yolo County, Hmong film premier, Araw ng Punjabi sa Kasayasayan ng Amerika sa Yuba City, Sacramento LGBTQ Center, at Chapa De Indian Health.

### ANO ANG NASA LOOB NG ISYU NA ITO:



- MENSAHE MULA SA ED
- ESTRATEHIKONG PLANO: PAGSASAMA AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD
- PROFILE NG TAUHAN
- PAGKILALA AT PAGBATI NG CAC
- PAGTANGGAP AT KLINIKAL NA KOPONAN
- PAKIKIPAGTULUNGAN NG DSP
- ESPESYALISTA NG KULTURAL NA PAGKAKAIBA
- PARADA NG PRIDE
- SPOTLIGHT SA KLIYENTE
- ACRC BASE SA MGA NUMERO
- TAMPOK NA ALAGAD NG SINING
- IPINALABAS NG BALITA SA KASOSYO NA SIERRA COLLEGE


Nagpapatuloy sa pahina 2

# MENSAHE NG EHEKUTIBONG DIREKTOR – PINAGPATULOY

*Ehekutibong Direktor - Lori Banales*

Nakatuon ang bawat pakikipag-ugnayan sa pag-alok ng serbisyo at edukasyon, at kasama sa ilan ang pagtuon sa pangangalap sa parehong tauhan ng sentrong pangrehiyon at Direct Support Professionals (DSP) na sumusuporta sa ating komunidad ng mga bendador. Ipinagmalaki ng ACRC na ibahagi na aming binuo ang Diversity Outreach Workgroup (DOW). Pinapangatawanan ng grupo na ito ang mga tauhan mula sa lahat ng mga posisyon na may interes na pangatawanan ang ACRC at madagdagan ang ating yapak sa komunidad. Sila ay pinangungunahan ng aming Espesyalista sa Pagkakaiba-iba ng Kultura, Shamir Griffin. Makikita mo ang tampok na artikulo na nakatuon kay Shamir, sa patuloy na pagbabasa. Ang layunin ng grupo na ito ay siguraduhin na ang aming ahensiya ay pinapangatawanan sa lahat ng buong sampung mga county at sa lahat ng pagkakaiba-iba na kumakatawan sa aming sentro. Upang lalong suportahan ang aming pangako sa lugar na ito, ang aming ahensiya ay umaasa na makilahok sa isang kumprehensibong serye ng pagsasanay sa Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay at Pagsasama-sama na ilulunsad sa Nobyembre. Ang pagbuo ng propesyonal na kapasidad upang sumuporta sa aming tauhan, na siyang nagbibigay ng suporta sa komunidad bilang kapalit, ay mananatilinbg prayoridad.




## LUGAR NG PAGTUON SA ESTRATEHIKONG PLANO PAGSASAMA-SAMA AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD

**Kahulugan ng Lugar ng Pagtuon:**
Ang ACRC ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat, mga serbisyo, at mga suporta sa mga kliyente, at kasosyo sa komunidad. Nagbibigay din ang ACRC ng pinagsamang na mga oportunidad upang ipaalam at magturo tungkol sa mga nagbabagong pangangailangan ng komunidad.

**Input ng Komunidad:**

- Nais ng mga tao na magamit ang Impormasyon ng sentrong pangrehiyoon sa kanilang nais na mga wika at sa kanilang mga komunidad.
- Nais ng komunidad na ipagpatuloy ng sentrong pangrehiyon ang pakikipagtutulungan sa mga ahensiya upang matuto mula sa isa't-isa at maturuan ang komunidad tungkol sa iba't-ibang mapagkukunan.

**Layunin 1:**
Bumuo ng mas malaking presensya sa komunidad upang bumuo ng mga relasyon at magbahagi ng mga mapagkukunan sa mga miyembro sa komunidad. Bigyang prayoridad ang mga pagpupulong sa mga lokasyon sa komunidad, palawakin ang koponan sa pag-alok ng serbisyo, at ipagpatuloy ang mga pakikipagkonekta sa mas maraming pang ahensiya sa komunidad.

**Layunin 2:**
Turuan ang mga kasosyo sa komunidad kung ano ang sentrong pangrehiyon at ano ang mga serbisyo na binibigay.

**Layunin 3:**
Gumawa ng serye ng maiikling mga video ng impormasyon tungkol sa sentro ng rehiyon, sa iba't-ibang mga wika.

# PROFILE NG TAUHAN – TAGAPANGASIWA NG SERBISYONG EARLY START KAYLA OLSEN



Tinaggap ni Karla Olsen ang interNship sa ACRC mula 2013-2014 habang siya ay nasa undergraduate na programa sa California State University Sacramento. Noong 2017, nakatapos si Kayla ng kanyang Masters Degree mula sa Unibersidad ng Washington at nalaman na naghahanap ng tauhan ang ACRC. Alam niya na nais niyang magtrabaho sa Early Start bilang Tagapangasiwa ng Serbisyo (Service Coordinator o SC) at tinanggap siya noong Hulyo 3, 2017. Gustung-gusto ni Kayla na magtrabaho kung saan may mga sanggol at bagong mga magulang. Nakikita niya ang halaga ng isang tao na pinagkakatiwalaan at pinagtatapatan ng mga magulang, at ikinararangal niya na maging isang tao na magbibigay sa mga magulang ng isang bagay na kanilang kailangang-kailangan sa panahon na iyon. Binibigyang-halaga ni Kayla ang mga relasyon na nabuo sa ACRC at ang kakayahang umangkop, suporta, at pag-unawa ng mga kasamahan.

Noong Hulyo 3, 2023, magsisimula si Kayla sa bago niyang tungkulin bilang Tagapamahala ng mga Serbisyo sa Kliyente, eksaktong 6 na taon mula noong siya ay nagsimula sa kanyang karera bilang isang SC. Magmula nang siya ay naging isang magulang, kinikilala ni Kayla na nagbago ang kanyang pananaw. Alam niya na ang mga magulang ay nakakaramdam ng kaginhawaan sa kaalaman na sila ay hindi nag-iisa sa kamalayan at mga alalahanin sa pag-unlad ng kanilang mga anak. Alam na alam niya ang pag-unlad ng sarili niyang mga anak at pinalalaki ang kanyang kambal na 2 ½ na taong gulang, si Emmett at Amelia, na siyang mga kasiyahan sa kanyang buhay. Sinasanay niya sila na maging tagahanga ng 49ers! Ang kanyang kambal ay masayahin at mapagmahal at nagsisilbing pinakamaliwang na ilaw para sa kanya sa katapusan ng isang mapaghamon na araw. Gustung-gusto niyang magluto, sumubok ng iba't ibang mga pagkain, maglakbay at matuto tungkol sa pagkakaiba-iba ng mga kultura. Nasasabik siya sa kanyang bagong tungkulin.

# KOMITE SA PAGPAPAYO SA KLIYENTE – PAGKILALA AT PAGBATI SETYEMBRE 12, 2023 – 12:30PM - 2:00PM



Sa Setyembre 12, 2023, mangunguna ang Client Advisory Committee (CAC) ng ACRC sa pagkilala at pagbati bago ang kanilang buwanang pagpupulong sa Setyembre. Pumunta sa Opisina ng Harvard ng ACRC upang makisaya, kumain, at malaman ang tungkol sa mga aktibidad ng CAC. Ang pagkikita at pagbati ay mula 12:30pm - 2:00pm. Inaasahan namin na ang mga dadalo na mga kliyente ng sentrong pangrehiyon sa pagkilala at pagbati ay dadalo sa pagpupulong CAC na magsisimula ng 2:00pm.

# PAGTANGGAP AT KLINIKAL NA KOPONAN NG ACRC

Lanterman Act Intake (3 taong gulang +)

Sa huling nakaraang mga taon, nakita ng ACRC ang pagtaas ng bilang ng mga aplikante na nag-aaplay sa mga serbisyo. Kami ay nakilahok sa maraming kaganapang pag-alok ng serbisyo na masaya naming ibahagi na nagbigay-daan sa pagdami nito. Alam din namin ang tungkol sa mga pagka-antala sa pagtanggap. Ang artikulo na ito ay isinulat upang ipamahagi sa aming mga komunidad ang mga estratehiya at pagsisikap na ginagamit namin upang makumpleto ang proseso ng pagtanggap sa pinakamabilis na paraang maaari. Bago ang pagbabahagi sa mga estratehiya na ito, nais namin na ipamahagi ang sumusunod na mga datos: Noong 2020 ang karaniwang aplikate sa ACRC ay 97 kada buwan; noong 2023, tayo ay nasa karaniwnag 197 na mga aplikante kada buwan, na kumakatawan sa 100% na pagtaas.

Kasama, ngunit hindi limitado, sa ilan sa mga estratehiya na aming naisakatuparan:

- pagkuha ng karagdagang tauhan para tumulong sa Pagtanggap
- pagbigay ng oportunidad ng overtime sa aming pagtanggap at klinikal na tauhan upang tumulong sa pagkumpleto sa mga pagsusuri sa pagiging karapat-dapat
- pag-apruba sa sa pampublikong proseso ng AB 637 na i-waive ang mga medianong pamantayan na inilapat ng estado upang suportahan ang pagpopondo ng mga bendador na nagkiklinika sa antas ng merkado
- pag-alok ng mas maraming mga appointment sa sikolohikal na ebalwasyon na ibinibigay ng aming bendador na mga nagkiklinika

Mayroon kaming kahanga-hangang pagtutulugan at dedikadong Koponan ng Pagtanggap at Klinikal. Sila ay magsasamang nagsisikap na suportahan ang mga aplikante sa pagbigay ng may kalidad na mga ulat ng pagtatasa sa lipunan na tumutulong sa ating mga nagkiklinika sa proseso ng pagsusuri sa pagiging karapat-dapat. Ang aming mga tauhang sikolohista ay nagsasagawa ng sikolohikal na mga ebalwasyon at nagsisikap nang husto na makipagtulungan sa aming mga medikal na mga doktor upang kumpletuhin ang mataas na bilang ng pagsusuri sa pagiging karapat-dapt habang nakikipagtulungan sa mga Espesyalista sa Pagtanggap. Tunay na kinakailangan ang pagsasanib ng mga dedikadong mga tauhan na nais na magsilbi sa pinakamahusay na paraan at siguraduhin na ang mga aplikante ay sinuri nang mabuti upang alamin kung natutugan nila and mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon.

Ang mga yunit ng Pagtanggap ay pinagangasiwaan ng mga sumusunod na tagapamahala, Jyoti Sharma at Tim Kuwazaki, ay nakakakuha ng karagdagang suporta na ibinibigay ng mga Nangungunang Espesyalista sa Pagtangap. Sila ay sumusuporta sa mga namamahala at mga kuponan sa pagbigay ng pagsasanay na kanilang kinakailangan. Espesyal na pagkilala ang ibinagay kay Hillary Santiago at Brandy Stewart na, sa pamamagiatn ng kanilang dedikasyon at pagmamahal sa aming mga kliyente at sa misyon ng aming ahensiya, patuloy na isinasagawa ang mabuting trabaho araw- araw.



Hillary Santiago
Nangungunang Espesyalista
sa Pagtanggap



Brandy Stewart
Nangungunang Espesyalista
sa Pagtanggap

pinagpatuloy

# PAGTANGGAP AT KLINIKAL NA KOPONAN NG ACRC

pinagpatuloy



Dr. Cynthia Root

Nangungunang Sikolohista

Dagdag dito, nagpapasalamat kami sa suporta ng Nangungunang Sikolohista, Cynthia Root, PhD na nagbigay sa klinikal na koponan; pagsasanay sa mga Espesyalista sa Pagtanggap; pagkonsulta sa aming nakakontratang mga sikolohista; at marami pa.

Nais din naming kilalanin sina Catarina Juan-Fishman, PsyD at Sindhu Philip, PsyD bilang karagadagang mga nagkiklinika na tumulong sa pag-iigting at walang humpay na suporta sa aming Pagtanggap at Klinikal na Koponan.

Nagpapasalamat kami sa aming mga medikal na doktor na nakikipagtulungan sa koponan ng Pagsusuri sa Pagiging Karapat-adapat na nagbibigay ng kanilang inidbidwal at pinagsamang kadalubhasaan sa proseso. Isang espesyal na pagkilala para kina Barbara Friedman, MD at Kate Milroy, MD.

Habang patuloy tayong lumalaki bilang isang ahensiya, patuloy tayong magtatasa, aayusin at isasakatuparan ang mga estratehiya na sumusuporta sa napapanahon na pagproseso ng pagtanggap sa ating mga aplikante, upang magamit nila ang mga serbisyo at mga suporta sa habang-buhay na pagplaplano bilang paraan para makamit nila ang malusog at produktibong buhay sa kanilang mga sariling komunidad.

Dr. Kate Milroy





# PAGHAHATID NG ACRA NG MICROENTERPRISE FAIR

Noong Hunyo 22, 2023, naghatid ang ACRC ng isa pang oportunidad para sa mga kliyente na ibenta ang kanilang mga produkto, pagkain, at kakaibang mga bagay.











# PAGTUTULUNGAN NG DSP – MGA EXPO SA KARERA NG INDUSTRIYA NG MAY KAPANSANAN


DSP COLLABORATIVE
Direct Support Professionals
Leading with Inclusion and Working with Purpose

Naghatid ang ACRC & VMRC DSP Collaborative ng Expo sa Karera ng Industriya ng may Kapansanan sa Sacramento at Lodi.
https://dspcollaborative.org/

Alta California Regional Center

VALLEY MOUNTAIN REGIONAL CENTER












DISABILITY INDUSTRY
CAREER
EXPO


















# ESPESYALISTA SA IBAT-IBANG KULTURA - SHAMIR GRIFFIN






Upang ipakilala ang aking sarili sa kasalukuyan ay kailangan na ipakilala ang daan na tinahak ng aking pamilya sa ilang mga henerasyon, dahil tayo bilang mga indibwal ay ang kabuuan ng mga pagdarasal, kasawiang-palad, at pag-asa para sa oportunidad na ang ating mga ninuno sa ama at ina na lumaban para dito. Ang aking yumaong ina ay isang guro, ministro, at nagboluntaryo na tumulong sa maraming nangangailangan habang tinatahak ang daan sa medisina na tinahak ng kanyang ina at lola na nauna sa kanya. Maraming mga tarabaho ang aking ama sa kanyang buong buhay tulad ng kanyang ama magaling siya sa paggamit ng kanyang mga kamay at may matibay na etiko sa trabaho at responsibilidad. Kahit na kami ay mahirap at naghiwalay ang aking mga magulang noong ako ay bata pa sinugurado nila na natutunan ko ang mga bagay na ito, habang hinaharap ang kapangitan ng realidad na ating ginagalawan. Ako at ang aking pa pamangkin ay madalas dalhin ng aking ina sa kanyang pagboboluntaryo sa mga tuluyan ng mga inabuso na kababaihan. Sinasama kami ng aking ama sa paggawa ng mga bakod, o pinapatulong kami sa madaling paghahardin habang kami ay nasa elementarya. Kasama ng mga aral na ito ang kawalan ng kanilang pagtanggap sa akin noong ako ay nagpakilala bilang miyembro ng komunidad ng LGBTQIA, na humantong sa pagkakita ko ng mga kahirapan ng iba at naging tagapagtaguyod para sa kanila at sa akin.

Dahil sa aking galit, kapabayaan, pagkalungkot, at kawalan ng pag-asa nakapagtrabaho ng mas malapitan sa mga bata sa Give Every Child a Chance ng 3-taon, ang San Joaquin County Pride Center at ang nasa-panganib na populasyon ng LGBTQIA ng isang taon at kalahati, sa aking mga kliyente na may lubhang pangangailangan bilang isang espesyalista sa pag-uugali ng 5-taon. Kalaunan ay nagtrabaho ako sa isang lokal na sentro ng mapagkukunan ng pamilya; La Familia Counseling Center Inc kung saan natutunan ko ang tungkol sa mga makasaysayang komunidad na hindi natutuunan ng pansin ng isang taon bilang Tagapangasiwa ng Pamilya sa Senro ng Mapagkukunan. Lahat ng mga karanasan na ito ay naging sanhi na makarinig ako ng maraming mga kuwento ng mga komunidad kung saan ako kabilang, pati na rin ang mga aking natututunan. Ang kaisipan ay isang hardin na maaring maging sagana at magbigay ng maraming prutas ng kaalaman kapag inaruga nang mabuti, at ang mga pinagtipong mga karanasan ng pagtratrabaho sa mga ahensiya na ito at ang aking pilosopiya sa trabaho ay nagturo sa akin na pagbuo ng mga tanim na nakakagamot para sa mga nangangailangan sa Alta California Regional Center, bilang isang tagapangasiwa ng serbisyo o sa aking kasalukuyang tungkulin na Espesyalista sa Iba't-ibang Kultura. Ang pag-unawa na nanggagaling sa sakit ay nakakagamot lamang kapag inilagay sa mga sugat na nakakaramdam ng kirot, na hindi naririnig ang kanilang mga boses, at sa mga taong nawalan ng boses. Anuman ang iyong posisiyon sa mundo, tayo ay may kakayahang subukan at baguhin ang mga bagay, ngunit tayo rin ay dapat maging responsable sa mga kahihinatnan kahit na hindi ito napapansin.

Ako ay isang nakaligtas sa kanser, dalawang beses na nanalo na may-akda ng mga tula, estudyante ng wika, isang mananayaw, at sa larangan ng serbisyong panlipunan at sa araw-araw ako ay nagkakamali at sinusubukan na matuto mula sa mga ito o turuan ang iba na iwasan ito, sa pamamagitan ng pagsalubong sa kanila kung nasaan sila, at hindi sa paniniwala na kung saan dapat sila.

# NAKIKILAHOK ANG ACRC SA SACRAMENTO PRDE PARADE

Noong Hunyo 11, 2023, naki-martsa ang mga tauhan ng ACRC sa Sacramento Pride Parade! Kami ay masaya na naglakad sa aming mga komunidad at namahagi ng mensahe na ang pagmamahal ay pagmamahal.




























## SPOTLIGHT SA KLIYENTE – GREG CARR - CHESS AT BACKGAMMON CLUB

Si Greg ay interesado sa chess at backgammon mula noong bata pa siya. Siya ay nakatanggap ng una niyang backgammon board mula sa kanyang lola sa ika-16 niyang kaarawan at pinahalagahan niya ang board na ito mula noon. Noong yumao ang kanyang ina noong 2021, humanap si Greg ng pagtutuunan ng lungkot at napag-alaman niya na ang paglalaro ng mga klasikong mga laro ay nagdulot sa kanya ng pagkakaabalahan, saya, at koneksyon sa kanyang komunidad. Ang pagmamahal niya sa mga aro na ito ay nagbigay-daan sa kanya na gumawa ng kanyang Chess Club at Backgammon Club



Nakilahok si Greg sa ibat-ibang mga backgammon na club ngunit hindi niya nagustuahn ang pamamalakad o kakulangan ng organisasyon. Nakita ang problema, nakita niya ang solusyon at bumuo ng kanyang Backgammon Club, sa unang pagpupulong na isinagawa noong Hunyo 2023. Dagdag sa Backgammon, isinagawa ang unag Chess Club na pagpupulong noong Mayo 2023.

Ang parehong club ay isinasagawa isang beses bawat buwan mula 11:30 ng umaga – 4:00 ng hapon kung saan ang Backgammon ay ginagawa sa unang Sabado ng buwan at ang Chess Club sa pangalawang Linggo ng buwan. Ang mga club ay sa-personal ginagawa sa Round Table Pizza na matatagpuan sa 7943 Greenback Ln, Citrus Heights, CA 95610. Bukas ito sa lahat anuman ang edad, kasarian, kapansanan, o karanasan. Kung ang isang kalahok ay hindi pamilyar sa laro, si Greg ay personal na magbibigay ng kaalaman kung paano laruin sa tuwing magpupulong ang mga club.

Habang patuloy na umuunlad ang mga club, ninanais ni Greg na magkaroon ng mga paligsahan at isama sa listahan ng Backgammon Club sa US Backgammon Federation website. Kung ikaw ay interesado sa pagdalo, magpatala sa Chess Club o Backgammon Club.

## JOB FAIR NG EARLY START – AGUSTO 9, 2023 10AM -2PM OPSINA NG SACRAMENTO

Ipinagmamalaki ng Alta California Regional Center ang pagiging sponsor sa job fair para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa maagang interbensyon. Ang ating American Rescue Plan Act (ARPA) Part C Initiative ay nakatuon sa pagpapabuti at pagpapalawak ng pagkakaroon ng tagapagkaloob ng serbisyo at pagbuo ng sensitibo sa kultura at sensitibo sa wika na mga serbisyo.

Ang aming layunin ay maikonekta ang mga taga-empleyo sa mga propesyonal na naghahanap ng trabaho sa lahat ng antas. Kung ikaw ay interesado sa pakikipagtrabaho sa mga sanggol at mga bata sa Early Start, sumali sa amin! Maraming mga trabaho sa mga tagapagakloob na nagsisilbi sa mga pamilya at mga bata mula sa kapanganakan hanggang edad 3 na nakakaranas ng pagkaantala sa pag-unlad. ACRC ay nagsisilbi sa mga sumusunod na 10 mga County: Alpine, Colusa, El Dorado, Nevada, Placer, Sacramento, Sierra, Sutter, Yolo at Yuba na mga county. Ang job fair na ito ay maghahatid ng ilang mga bendador na magbibigay ng terapiya sa pagsasalita at wika, pisikal at okupasyonal, at pag-uugali. Maaari kang makipag-usap sa kanila nang direkta tungkol sa mga bukas na trabaho, paano mag-aplay, at makita kung ang kanilang ahensiya ay tama para sa iyo. Inaasahan naming makilala ka!

## ACRC BASE SA MGA NUMERO

***Alam mo ba na ang ACRC ay lumalaki ng humigit-kumulang na 1000 na mga kliyente taun-taon?***
**Narito kung sino ang aming pinagsilbihan ayon sa Hunyo 22, 2023:**

Early Start - 2587
Lanterman Clients - 26,292
Kabuuan = 28,879

# MGA UPDATE SA PAG-UNLAD NG MAPAGKUKUNAN

Mga pagbabago sa mapagkukunan sa huling ikatlong-buwan

## Mga Bagong Tagapagkaloob ng Serbsiyo

**Sentro ng Kalusugan sa mga Adulto sa Araw**
Yolo Adult Day Health Center – Dignity Health

**Serbisyo sa Edukasyon / Mga Serbisyo sa Independyenteng Pamumuhay / Mga Serbisyo sa Suporta sa Aktibidad sa Komudidad**
Mga iskolar ng UC Davis Redwood SEED

**Serbisyong Parmasyutiko**
Pacific West Pharmacy

**Speech Pathology**
Kaunlaran sa Okupasyonal na Terapiya
Silver Linings Speech & Language

**Mga Serbisyo sa Sumusuporta sa Pamumuhay**
Maisie’s Placer Family Support Solutions

**Tahanan ng Residensyal na Pangangalaga**
Northstar Carehome, Inc.
Chidike Care Home LLC
MC Home Care Inc.

**Mga Serbisyo sa Independyenteng Pamumuhay**
Mga Programa sa Inspirasyonal at Independyenteng Pamumuhay

**Kompanya ng Transportasyon**
Youngs Transportation Services

## Saraadong Tagapagkaloob ng mga Serbisyo

**Mga Serbisyo sa Independyenteng Pamumuhay**
Marvin Buchmiller Agency
Mga Programa sa Inspirasyonal at Independyenteng Pamumuhay

**Tahanan ng Residensyal na Pangangalaga**
S&C Care Home

# TAMPOK NA PROFILE NG ALAGAD NG SINING – LINSEY WATKINS

Ako ay si Lindsey Nicole Watkins Naninirahan sa Timog na bahagi ng Lungsod ng Yuba kasama ang aking mga magulang at nakababatang kapatid na lalaki. Ako ay may dalawang babaeng kapatid na mas nakatatanda; ang isa ay nanirahan sa Sacramento at ang isa ay nasa Modesto.

Ako ay kasalukyunag naka-enrol sa Creative Arts Center sa Lungsod ng Yuba, kung saan ako nagtratrabaho sa iba’t ibang kagamitan ng sining. Ao ay nakilahok sa programa na ito noong 2006. Sa panahon noong ako ay nasa CRS, nakagawa ako ng Mosaic, Eskultura, Pagpipinta at mga Disenyo sa Gourd. Ako ay masayang nagtratrabaho sa iba’t ibang mga kagamitan na ito, tulad ng Mosaic at Pagpipinta na siya kong naging paborito. Nakikita ko ang aking inpirasyon sa mga disenyong Asyano a Minimalist na Tanawin. Gusto ko ang paggamit ng iba’t ibang kulay ng rosas o asul sa aking mga likha. Masaya akong nagtratranaho sa Arts Center at masayang gumugugol ng oras sa aking mga kaibigan.

Ang aking sining ay maaaring mabili sa Creative Arts Center sa 732 Plumas Street sa Yuba City.
Ang mga katanunagn ay maaaring ipadala sa teresacrsquest@gmail.com




CRS Community Resource Services




# PROYEKTO SA LEARNING INDEPENDENCE FOR FUTURE EMPLOYMENT (LIFE)

Ang Sierra College at Alta California Regional Center (ACRC) ay tumatanggap ng pagpopondo mula sa California Department of Developmental Services para sa Proyektong Learning Independence para sa Future Employment (LIFE).

Ang Sierra College at Alta California Regional Center (ACRC) ay nasasabik sa makatrabaho ang Learning Independence for Future Employment (LIFE) na proyekto sa California Department of Developmental Services Employment Grant. Ang proyektong LIFE ay isang Proyekto na Modelong Serbisyo ng Pagbabago o Service Model Transformation Project upang bumuo ng bago at pinalawak na tungkulin para sa California Community Colleges (CCCs) sa paghahanda; pagpapalit at implementasyon ng mga makabagong estratehiya at mga kasanayan upang mapalakas ang Competitive Integrated Employment (CIE) para sa mga inidbidwal na may kapansanan sa kaisipan at kaunlaran.

Ang bagong modelo na ito ay unang binase sa mga indibidwal na nagsisilbi sa Alta California Regional Center na naninirahan sa Placer, Nevada o County ng Sacramento ngunit magbibigay ng nakalap at mga rekomendasyon na maaaring paliitin, gayahin, at panatilihin sa buong Estado Ang Sierre College ay magsisilbi na hub para sa pagtitipon ng maramihang displinaryong grupo ng mga mamimili, mga stakeholder at mga eksperto sa paksa upang suriin at pag-aralan ang kasalukuyang serbisyo kaugnay sa trabaho.

Magbibigay ang proyekto ng mga rekopmendasyon at magbibigay ng plano para sa pagbabago sa organisasyon upang siguraduhin na ang bokasyonal na pagsasanay tulad ng serbisyo sa abilidad sa trabaho, Programa sa May-bayad na Internship at ibang mga programa (hal. College2Careers) ay nakatali sa tunay na oportunidad para sa CIE. Ang proyekto na ito ay magtutuon ng pagbabago na magpapabuti sa koordinasyon ng serbisyo at integrasyon ng mga suporta para sa CIE at isama ang mga nakalap na kung saan ang sistema sa mga CCC sa buong estado ay maaaring maging epektibo sa pagpapabuti sa imprastraktura at mga programa tungo sa matagumpay na CIE.

Tungkol sa Sierra College

Humaharap ang Distrito ng Sierra College sa mga pangangailangan ng ating komunidad. Nagsisilbi ang Sierra College sa 3,200 na kubikong milya ng Hilagang Califronia sa mga campus sa Roseville, Rocklin, Grass Valley, at Truckee. Sa halos 125 na mga degree at sertipikong mga programa, ang Sierra College ay nasa ranggo na unang Hilagang California (hilagang Sacramento) para sa paglipat sa apat-na taong mga unibersidad, naghahandog ng karera/teknikal na pagsasanay, at mga klase para sa pagpapabuti sa mga kakayahan sa trabaho. Ang mga nakatapos sa Sierra ay makikita sa mga negosyo at mga industriya sa buong rehiyon. Karagdagang impormasyon sa www.sierracollege.edu.